



○ Ang Aplikasyon Ng Residence Status Para Sa Mga May Problemang Haharapin Sa Pag-Uwi Sa Sariling Bansa

Ang aplikasyon ng mga taong kinikilalang may probelma sa pagbalik sa kanilang sariling Bansa dahil sa kawalan ng kakayahan na makakuha ng ticket sa paglipad O kaya makabalik ng walang panganib sa kani-kanilang Bansa ay, sa tuntunin, ay mapapangasiwaan tulad ng mga sumusunod:

- ① Ang Indibiduwal na may taglay na “Short Term Stay”
⇒ **Ay pahihintulutan ng dagdag palugit na Tatlumpong Araw.**
- ② Ang Indibiduwal na may taglay na residence status “Technical Intern Training” or “Designated Activities (Foreign Construction Workers and Shipbuilding Workers)”na naglalayong ipagpatuloy ang kanilang trabaho sa parehong kumpanya at gawain.
⇒ **Ay pahihintulutan magpalit ng taglay na Bisa sa “Designated Activities (Tatlumpong araw, may pahintulot magtrabaho)”**
- ③ Ang mga tao/indibiduwal na ang taglay na Bisa bukod sa mga nakalista sa itaas, (kasama ang mga tao/indibiduwal na nabanggit sa numero ②na walang layunin upang ipagpatuloy ang trabaho,)
⇒ **will be permitted a change of status of residence to “Short Term Stay, 30 days)”**

○ Aplikasyon para sa Certificates of Eligibility

Ang aplikasyon para sa COE (Certificate Of Eligibility) ng mga tao/indibiduwal na naapektuhan ng Pagbabawal ng Paglapag dahil sa COVID-19 ay, sa tuntunin, ay mapapangasiwaan tulad ng mga sumusunod:

- ① Sa mga kasong ang aplikasyon ay naibigay o naisumite na,
⇒ **ang pag screen at pamamaraan ng pagsusuri ay pansamantalang ipagpapaliban.**
- ② Sa mga kasong ang mga aplikasyon ay naibigay o naisumite na, subalit ninanais ng aplikante na palitan ang petsa ng simula nang kanilang ninanais na aktibidad,
⇒ **Ang pahayag na dahilan mula sa inyong employer O kaya Tagatangkilik/ Isponsor ay kailangang isumite para masuri.***
- ③ Sa mga kasong kung saan ang indibiduwal ay lumabas na nang Bansa na may layunin na muling babalik, subalit ang kanilang Taglay na Bisa ay napaso na habang nasa ibang Bansa, ngunit nakapag-aplay na ng bagong COE(Certificate of Eligibility),
⇒ **Ang pahayag na dahilan mula sa employer o isponsor kalakip ang papel ng aplikasyon (application form) ay kailangang isumite para masuri.***

*Ang Karagdagang mga dokumento, tulad ng Pahayag na dahilan, ay maaaring isumite, subalit ang paraan ng pagsusuri para sa mga sitwasyon ② and ③ ay pansamantalang ipagpapaliban.